
4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 2:
## Katotohanan: Susuriin Ko!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ika-apat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 1 – Modyul 2: Katotohanan: Susuriin Ko!**
**Unang Edisyon, 2020**

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names* tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang – aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura |
| **Konsultant:** | Mary Jean B. Brizuela, Shiela C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon |
| **Tagaguhit:** | Jed T. Adra |
| **Naglayout:** | Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca |
| **Mga Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Kwarter 1 – Modyul 2:

## Katotohanan: Susuriin Ko!

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Katotohanan: Susuriin Ko!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomiyang hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mga mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Katotohanan: Susuriin Ko!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang |

maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

***Pagyamanin***

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

***Isaisip***

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

***Tayahin***

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Karagdagang Gawain***

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

***Susi sa Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang mga sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kaming sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Mahalagang mahanap ng isang tulad mo ang katotohanan. Ito ang nagiging batayan ng pagpili ng hakbang na gagawin. Marapat na pag-aralan muna ang mga impormasyong nakalap bago ito isakilos. Karaniwang nagmumula ang mga impormasyong ito sa balita, patalastas, at programa sa telebisyon. Kaya't mahalaga rin ang pagsangguni upang masiguro ang katotohanan ng mga ito.


Sa modyul na ito inaasahang nakapagsusuri ka ng katotohanan bago gumawa ng anumang hakbangin batay sa mga nakalap na impormasyon mula sa:

- balitang napakinggan
- patalastas na nabasa/narinig
- programang pantelebisyon na napanood
- taong nasa kinauukulan na pagsasanggunian


## *Subukin*

Basahin mo ang dayalogo.

Martes, malakas ang ulan sa labas. Abala si Nanay Emma sa paghahanda ng almusal samantalang si Mia naman ay nagmamadaling pumasok sa kusina.



Pagkatapos makausap ni Aling Emma ang guro ni Mia sa telepono ay tinawag niya ang anak.




Sagutan mo ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang balitang natanggap ni Mia isang umaga?
   A. suspendido pa ang klase
   B. may darating na bagyo
   C. sasama sila sa palaro
   D. magkakaroon ng palatuntunan

2. Saan nanggaling ang balita?
   A. balita mula sa radyo
   B. anunsyo mula sa gobernador
   C. sa kamag-aral na si Joy
   D. sa punongguro ng paaralan

3. Paano tinanggap ni Mia ang balitang narinig?
   A. Pinaniwalaan niya agad
   B. Sinuri ang katotohanan ng impormasyon
   C. Sumangguni sa kaniyang guro
   D. Sinabihan ang ina na alamin ang katotohanan

4. Kung ikaw si Mia, ano ang natutuhan mo mula sa nangyari?
   A. Maging mapanuri sa mga impormasyong natatanggap.
   B. Maniwala agad sa impormasyong binibigay ng kaibigan.
   C. Humingi ng tulong sa taong kinauukulan upang malaman ang katotohanan.
   D. Timbangin muna ang mga impormasyon kung ito ay tama o mali.

5. Anong katangian ang ipinakita ni Aling Emma nang tinanong niya ang guro ni Mia bago pinaniwalaan ang sinabi ni Joy? Siya ay may ______________________.
   A. Mapanuring pag-iisip
   B. Malakas na katawan
   C. Magandang tinig
   D. Busilak na puso

**Aralin 1**

# Katotohanan: Susuriin Ko!

Ang katotohanan ay madali nating malalaman sa tulong ng mga taong kinauukulan. Sinasabing dalawa ang mukha ng tao – isang totoo at matapat at isang sinungaling o manloloko. Sa dalawang mukhang ito, saan ka ba pumapanig? Sino sa kanila ang dapat mong paniwalaan?


Ang modyul na ito ay makatutulong sa kung paano mo susuriin ang katotohanan bago ka gumawa ng anumang hakbangin tulad ng pagsangguni sa taong kinauukulan. Malalaman mo rin ang kahalagahan ng ganitong hakbangin sa pagsusuri ng katotohanan.

## *Balikan*

Basahin ang sitwasyon at sagutan ang katanungan tungkol dito sa tulong ng *graphic organizer.*

Si Mario ay mag-aaral sa ika-apat na baitang. Isang araw, kasama niya ang mga kamag-aral at sila ay naglaro ng *football.* Di nagtagal pinatawag sila sa opisina ng punong guro. Tahimik silang umupo pagdating sa opisina. Tinanong sila kung sino ang nakabasag ng salamin sa bintana. Kaagad na tumayo si Mario at lumapit sa kanilang punong-guro. Inamin niya na siya ang nakabasag nito. Sinabi niya na hindi naman sinasadya ang pangyayari. Nagkataon lamang na napalakas ang pagsipa niya ng bola kaya tinamaan ang bintana. Binati siya ng punong guro sa pag amin sa kaniyang nagawa. Simula noon, siya ay hinangaan ng lahat.

Ano-anong mga katangian ang taglay ni Mario nang sabihin niya ang totoong nangyari?



## Tuklasin

Basahin mo ang tula.

**Katotohanan, Aalamin Ko!**

*Ni: Bb. Lea B. Perez*

Ang midya ay kasa-kasama
Sa araw-araw ng buhay nagpapasigla
Sapagkat maraming impormasyon ang dala
Na nagiging gabay sa tuwina

May napakikinggang balita
O kaya'y patalastas na nakahahalina
Sa telebisyon napapanood na programa
Hatid na impormasyon ay kapani-paniwala

Ngunit paano ko ba malalaman
kung ito ay may katotohanan?
Sino ang aking dapat sanggunian
upang tama ay mapatunayan?

Ang pagsusuri ng katotohanan
ay siyang mainam na hakbang.
Ang pagsangguni sa taong kinauukulan
ay tamang awtoridad na maaasahan.

Sagutan ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Saan karaniwang nagmumula ang impormasyong nakakalap sa ating paligid?

   A. Mula sa usap-usapan ng mga kapitbahay
   B. Sa mga pang-araw-araw na nangyayari sa ating paligid
   C. Sa balita, patalastas na nabasa o narinig, at sa telebisyon
   D. Mula sa sinasabi ng matalik na kaibigan

2. Ang mga sumusunod ay mensahe na nais iparating sa iyo ng may-akda ng tula **maliban** sa isa, alin ito?

   A. Ang katotohanan ay mabilis lang malaman kahit hindi na magsangguni sa ibang tao.
   B. Ang pagsusuri ng katotohanan ay kailangan bago gumawa ng anumang hakbangin.
   C. Sa tulong ng mga taong kinauukulan ay malalaman natin ang katotohanan.
   D. Ang pagsangguni sa taong kinauukulan ay siyang tamang paraan upang malaman ang katotohanan.

3. Paano mo malalaman ang katotohanan?

   A. pagtatanong sa kahit sino
   B. pagsangguni sa taong kinauukulan
   C. pakikinig sa sabi-sabi ng iba
   D. pagbabasa ng *fake news*

4. Bakit kailangang maging mapanuri? Ang sumusunod ay mga magandang dahilan **maliban** sa isa, alin ito?
   A. Upang masuri ang katotohanan
   B. Upang malaman ang tama sa mali
   C. Upang tama ay mapatunayan
   D. Upang malaman ang tsismis

5. Ang sumusunod ay mga dahilan ng pagsangguni muna sa taong kinauukulan ng katotohanan **maliban** sa isa.

   A. Upang pagkakamali ay maiwasan
   B. Upang pagkalito ay malinawan
   C. Upang katanungan ay masagutan
   D. Upang pagsisisi ay maramdaman

## Tandaan Mo

Bakit mo pinipiling gawin ang isang bagay? Karaniwang mayroon kang pinagbabatayan ng iyong pinipiling gawin o kilos. Kalimitang ito ay nakakalap mo mula sa balitang napakinggan, patalastas na nabasa o narinig, napanood na programang pantelebisyon at maging mula sa taong kinauukulan na pagsasanggunian. Ano man ang pinagmumulan ng iyong pinagbabatayan ng kilos o pagpipili, mahalagang sinusuri mo ang katotohanan ng mga ito bago gumawa ng anumang hakbangin.

Mahalagang pagsumikapan ng isang mag-aaral na tulad mo na malaman o matuklasan ang katotohanan bago gumawa ng isang hakbangin, desisyon, o kilos. Dahil ikaw ay nasa murang edad pa lamang, maaaring limitado pa ang iyong kakayahang matuklasan ito. Upang ikaw ay magabayan at mailayo sa kapahamakan, marapat na sinasangguni mo ang taong higit na nakaaalam ng katotohanan tulad ng pulis, guro, o personalidad sa radyo o telebisyon. Sila ang mga taong kinauukulan o nasa kapangyarihan. Sila ang nakatalagang magbibigay ng tamang impormasyon kaya't sila ay mapagkakatiwalaan.

Maaari kang magkamali sa iyong hakbangin o desisyon sa pagsusuri ng katotohanan kung hindi mo ito isasangguni sa tamang kinauukulan. Nararapat lamang na malaman mo kung sino ang mga ito.

Hindi lahat ng balitang naririnig o nababasa mo ay totoo. Kaya nararapat lamang na ikaw ay magsangguni sa taong kinauukulan na makatutulong saiyo na makuha, malaman, at

maunawaan mo ang tamang impormasyon. Malaki ang maitutulong ng iyong magulang upang makagawa ng paraan na marating ang mga taong ito.

Nawa ang bawat isa ay maging mapanuri upang maiwasan ang maling impormasyon, at maghari ang katotohanan at kabutihan.


## *Suriin*

Suriin mo ang mga sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot para sa bawat bilang. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Nadaanan mo ang grupo ng mga lalaking nagkukuwentuhan sa kalye. Narinig mong pinag-uusapan ang anak ng inyong kapitbahay. Ito raw ay dalawang araw ng nawawala. Nais mong makatulong sa paghahanap ngunit hindi mo pa alam ang totoong nangyari. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Itatanong ko sa aking nanay kung totoo ang aking narinig.
   B. Pupunta ako sa bahay ng nawawalang bata upang tanungin ang kanyang magulang.
   C. Ite-*text* ko siya upang tanungin kung totoong nawawala siya.
   D. Ipamamalita ko rin sa iba na siya ay nawawala.

2. Sinabi sa patalastas na iyong narinig na masarap ang *juice* na binibenta sa isang *grocery* sa inyong lugar. Dahil dito, nahikayat ka at nais mo ring bumili nito. Paano ka nakasisiguro na masarap at ligtas ang produkto?
   A. Itanong sa mga kaklase kung masarap ito.
   B. Bumili kaagad upang matikman.
   C. Kumbinsihin ang nanay na ito ang ipabaon sa iyo.
   D. Ikonsulta sa magulang kung maaaring bumili nito.

3. May paboritong programang pantelebisyon si Mar na sinusubaybayan araw-araw. Hangang-hanga siya sa pangunahing tauhan dahil magaling ito sa kaniyang pakikipaglaban sa kaaway. Hindi siya natatalo, nais niya itong tularan. Bilang isang kaibigan, ano ang sasabihin mo kay Mar?
   A. Itatanong kung anong oras ipinalalabas ang programa.
   B. Magiging astig siya kapag tinularan ang pangunahing tauhan.
   C. Hindi lahat ng ipinakikita sa palabas ay totoo at maaaring mangyari sa totoong buhay.
   D. Ihinto na ang panonood ng palabas na ito sa telebisyon.




## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Lagyan ng tsek (/) ang bilang ng pangungusap na nagpapakita na ito ay nakapagsusuri ng katotohanan bago gumawa ng anumang hakbangin tulad ng pagsangguni sa taong kinauukulan at ekis (X) naman kung hindi.

___1. Hinintay ni Fe ang opisyal na anunsiyo mula sa presidente ng samahan bago niya ibinahagi ang impormasyon sa ibang kasapi.

___2. Sinabihan ni Liza ang kaniyang mga kaklase na hindi matutuloy ang pagsusulit na ibibigay ng kanilang guro upang hindi sila makapaghanda at ng sa gayon ay siya ang makakuha ng mataas na iskor.

___3. Nagpabili agad si Roy sa kaniyang ama ng laruang nakita niya sa isang patalastas.

___4. Bagong istilo ng buhok ang ipinakita ng artista sa isang *noon time show*. Marami ang gumaya sa mga kaklase ni Ali. Hindi gumaya si Ali dahil taliwas ito sa pamantayan ng paaralan.

___5. Laganap ang *fake news* ngayon. Ipina-aalam ni Lina sa kaniyang magulang ang anumang impormasyon na kaniyang nalalaman.

**Gawain 2**

Basahin ang halimbawa ng patalastas. Sagutin ang tanong pagkatapos nito. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

*Narito na ang iyong hanap...*

*bangong humahalimuyak*

*nagpapakinis ng balat*

*maghapon ka mang pawisan*

*mananatili ang kapreskuhan*

*FRESHY SOAP ... sa halagang abot kaya...bili na!*

1. Alin kaya sa sinasabi ng patalastas ang katotohanan?
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

2. Bakit mo ito nasabi?
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

3. Batay sa patalastas, bibili ka ba ng produktong *Freshy Soap*? Bakit?
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

## Isaisip

Ano ang dapat mong gawin upang masuri ang katotohanan bago ka gumawa ng anumang hakbangin? Lagyan ng tsek ang kahon ng mga dapat mong gawin.

- ☐ Magsangguni sa taong kinauukulan
- ☐ Magsaliksik ng katotohanan
- ☐ Gumawa ng survey
- ☐ Magtanong sa mga kapitbahay
- ☐ Magpapahula sa kakilala

## Isagawa

Isang araw napansin mong madilim ang kalangitan at malakas ang hangin. Naisip mo na baka may bagyong darating. Ano ang dapat mong gawin upang malaman mo ang kalagayan ng panahon?

## *Tayahin*

Lagyan ng tsek (/) ang bilang ng pangungusap na nagpapakita na ito ay nakapagsusuri ng katotohanan bago gumawa ng anumang hakbangin tulad ng pagsangguni sa taong kinauukulan at ekis (X) naman kung hindi.

____1. Naipaliwanag ko nang maayos at may kompletong detalye ang balita ukol sa bagyo dahil nakuha ko ito sa ulat mismo ng PAG-ASA na siyang awtoridad sa pag-uulat sa kalagayan ng panahon.

____2. Sinasabi ko agad sa aking mga kaibigan ang balitang naririnig ko mula sa aking kapitbahay.

____3. Sinisigurado kong tama ang impormasyong sasabihin ko upang maiwasan ang pagbibigay ng maling impormasyon sa iba.

____4. Lagi kong tinatandaan na hindi lahat ng balitang naririnig o nalalaman ay totoo kaya inaalam ko kung sino ang tamang awtoridad na aking lalapitan upang matiyak ang katotohanan tungkol dito.

____5. Maiiwasan kong makapagbigay ng maling impormasyon sa iba kaya tinitiyak ko na sa tamang kinauukulan ako magsasangguni.

## *Karagdagang Gawain*

Nagkagulo sa loob ng klase ni Bb. Perez dahil sa balitang ito.

Jessy: Alam n'yo ba, pumuputok na naman pala ang Bulkang Mayon.

Leo: Ano, totoo ba 'yan? Nakakatakot naman!

Jessy: Oo, totoo daw ito!

Rene: Hala, pano na tayo? Baka mamaya maabutan tayo ng makapal na abo.

Jessy: Kaya nga dapat tayong magpaalam na kay Bb. Perez na makauwi ng bahay at makapaghanda sa paglikas.

Bb. Perez: Sandali lang, mga bata! Sigurado ka ba, Jessy na totoo ang balitang iyan? Ayon sa balita na ibinahagi ng PHILVOLCS sa radyo ngayong umaga, hindi ito totoo. Tanging impormasyon na galing sa opisina nila ang dapat paniwalaan ng mga tao. Kaya kailangan nating suriin nang mabuti ang mga impormasyon kung ito ay totoo o hindi dahil maraming fake news ngayon.

Jessy: Pasensiya na po, Ma'am. Hindi ko alam na hindi pala ito totoo. Narinig ko lang po ito sa aking mga kaibigan.

Bb. Perez: Hayaan mo na. Basta sa susunod, dapat mo munang suriin ang balitang natatanggap upang hindi ito maghatid ng takot sa ibang tao. Kailangang hintayin natin ang tamang awtoridad sa pagbibigay ng impormasyon.

Mga bata: Opo, Ma'am. Ito ay aming pakakatandaan.

Batay sa nabasang usapan sa klase ni Bb. Perez, bakit kaya dapat mong suriin muna ang balita? Isulat ang iyong sagot sa *graphic organizer.*




Naibahagi na sa iyo ng modyul na ito ang paraan ng pagsusuri ng katotohanan. Alam kong naunawaan mo na ang pagpapatibay at pagpapatunay ng katotohanan. Hangad kong maisabuhay mo ito upang pagkakamali ay maiwasan at maging tama at kapani-paniwala ang pagbabahagi ng impormasyon.

Ngayon ay handa ka na para sa susunod na aralin! Binabati kita!

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. A
2. C
3. A
4. C
5. A

**Balikan**
1. matapat
2. matapang
3. may prinsipyo/paninindigan
4. responsable
5.mabait
6. walang tinatago

**Tuklasin**
1. C
2. A
3. B
4. D
5. D

**Suriin**
1. B 2. D 3. C

**Pagyamanin**
**Gawain 1**
1. √
2. X
3. X
4. √
5. √

**Pagyamanin**
**Gawain 2**

1. Maaaring sagot ay wala
2. Sapagkat hindi pa nasubukan ang produkto kung ang sinasabi tungkol ditto ay totoo.
3. Maaring sagot ay OO, sapagkat nais kung subukan kung totoo ang sinasabi ng patalastas

   Maaring sagot ay HINDI, sapagkat mayroon na akong ginagamit na subok na at pinagkakatiwalaan.

**Isaisip**

√ Magsangguni sa taong kinauukulan

√ Magsaliksik ng katotohanan

√ Gumawa ng survey

Magtanong sa mga kapitbahay

Magpapahula sa kakilala

**Isagawa**

-Makinig sa ulat panahon.
-Manood ng telebisyon tungkol sa ulat panahon.

**Tayahin**

1. √
2. X
3. √
4. √
5. √

**Karagdagang Gawain**

1. Nagkakalat ng fake news
2. Nagbibigay takot sa mga tao
3. Maaaring magdulot ng kapahamakan
4. Nagdudulot ng kalituhan sa mga tao
5. Nakakahadlang sa pagsasagawa ng tamang desisyon

## *Sanggunian*

Kagawaran ng Edukasyon. *K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao,* Gabay Pangkurikulum. Mayo 2016. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/ESP-CG.pdf.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph